# Kapag gumawa ng pang-emergency na kautusan ng pagbabawal laban sa iyo

Pinipigilan ng pang-emergency na kautusan ng pagbabawal na magkaroon ng access sa mga baril at iba pang item ang isang tao na posibleng mapanganib sa sarili o sa iba. Puwedeng mag-apply ang sinuman para sa kautusang ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lokal na hukuman.

May ilang hakbang para protektahan ang kaligtasan ng mga taong may kinalaman sa pag-apply para sa kautusang ito. Poprotektahan ang kanilang pagkakakilanlan sa proseso ng aplikasyon at aabisuhan ka lang tungkol sa kautusan kung ibibigay ito ng hukom.

Kung may gumawa ng pang-emergency na kautusan ng pagbabawal laban sa iyo:

- Babawiin ang lisensya ng mga baril mo nang hanggang 30 araw
- Uutusan kang isuko ang mga baril at iba pang item sa pulisya o aalisin ng pulisya ang mga ito hangga't ipinapatupad ang kautusan
    - Kasama rito ang anumang item na binanggit sa kautusan, gaya ng mga baril, armas, o kaugnay na item, tulad ng bala, at mga crossbow
- Hindi mo magagawang bumili, gumamit, o magmay-ari ng anumang nasa kautusan habang ipinapatupad ito
- Kapag nag-expire na ang kautusan, maibabalik sa iyo ang iyong mga baril, armas, at iba pang item sa lalong madaling panahon

Kung susundin mo ang mga tuntunin ng pang-emergency na kautusan at hindi ka lalabag sa anumang batas, hindi ito gagawa ng record ng krimen.

Kung sa palagay mo ay hindi ka magdudulot ng panganib sa kaligtasan mo o sinupaman, puwede kang mag-apply sa hukuman para kanselahin ang kautusan. Kung kakanselahin ng hukom ang kautusan, maibabalik sa iyo ang mga baril, lisensya, at iba pang item mo sa lalong madaling panahon.

## Mga kautusan ng pagbabawal na mas matagal sa 30 araw

Pagkatapos gawin ang pang-emergency na kautusan, puwedeng magtakda ang hukom ng petsa ng pagdinig para sa mas matagal na kautusan ng pagbabawal. Aabisuhan ka at posibleng payagan kang dumalo sa pagdinig para sa mas matagal na kautusan.

Mananatiling valid ang kasalukuyang pang-emergency na kautusan hanggang sa maganap ang pagdinig. Hindi ibabalik ang iyong mga baril, lisensya, at iba pang item hangga't hindi pa nagkakaroon ng pagpapasya.

Kung gagawa ang hukom ng mas matagal na kautusan ng pagbabawal, hindi ibabalik ang iyong mga baril, lisensya, at iba pang item, at hindi mo magagawang magmay-ari ng mga baril at iba pang item nang hanggang limang taon.

Kung magpapasya ang hukom na huwag gumawa ng mas matagal na kautusan ng pagbabawal, kakanselahin ang kasalukuyang pang-emergency na kautusan kung may bisa pa rin ito. Ibabalik ang iyong mga baril, lisensya, at iba pang item sa lalong madaling panahon.

## Mga exception sa pangangaso para sa kabuhayan at pagtatrabaho

Puwede kang mag-apply sa hukuman para alisin ang kautusan ng pagbabawal sa ilang partikular na exception. Hindi ito awtomatiko, at kailangan mong ipakita sa hukuman na kailangan mo ang mga baril:

- para mangaso o maglagay ng patibong para suportahan ang sarili o ang pamilya mo
- para manatiling nagtatrabaho sa nag-iisang trabahong available sa iyo

Magpapasya ang hukuman kung dapat alisin ang kautusan para puwede kang magpatuloy sa paggamit ng mga baril para sa mga dahilang iyon. Kung aalisin ang kautusan, posibleng magtakda ng mga panuntunan sa pagmamay-ari o paggamit mo ng mga baril.

## Property na pagmamay-ari ng ibang tao

Sa ilang sitwasyon, posibleng pagmamay-ari ng ibang legal na may-ari ang mga baril o iba pang item na isinuko o inalis. Puwede siyang mag-apply para ibalik ang mga ito, at babayaran siya ng halaga ng mga item kung hindi posibleng ibalik ang mga ito.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas sa red flag at mga proteksyong ito, makipag-ugnayan sa iyong lokal na hukuman. Matuto pa tungkol sa mga batas sa “red flag” at kung paano makakatulong ang mga ito sa pagpigil sa karahasan na nauugnay sa mga baril: https://www.canada.ca/red-flag-laws (https://canada.ca/lois-drapeaux-rouges)

Available din sa isang naa-access at digital na format online:
https://www.publicsafety.gc.ca/cnt/rsrcs/pblctns/rd-flg-epo/index-en.aspx
(https://www.securitepublique.gc.ca/cnt/rsrcs/pblctns/rd-flg-epo/index-fr.aspx)

© Ang Kanyang Kamahalan na Hari sa Karapatan ng Canada, na kinakatawan ng Ministro ng Pampublikong Kaligtasan at Paghahanda sa Emergency, 2026.

Marso 2026 Cat. No. PS4-334/2-2025Tgl-PDF ISBN 978-0-660-98351-6